

RACIAL AND  
IDENTITY  
PROFILING  
ADVISORY  
BOARD

Annual Report  
2024

Buod Ng Pangkalahatang-Ideya

## BUOD NG PANGKALAHATANG-IDEYA

Ikinalulugod ng California Racial and Identity Profiling Advisory Board (Board) na ilabas ang ikapitong Taunang Ulat (Ulat) nito. Ang Ulat ay patuloy na bumubuo sa naunang gawain ng Board sa pamamagitan ng pagsusuri ng karagdagang paraan upang mapaunlad ang pagpapatupad ng batas at pakikipag-ugnayan sa komunidad at bawasan ang panghuhusga batay sa lahi at pagkakakilanlan.


Sinusuri ng Ulat ang data ng pagpapahinto na iniulat mula sa higit sa 4.5 milyong pagpapahinto ng 535 ahensyang nagpapatupad ng batas ng California mula Enero 1, 2022 hanggang Disyembre 31, 2022. Bukod pa rito, sinusuri ng Ulat ang mga pakikipag-ugnayan ng kabataan sa tagapagpatupad ng batas, sa loob at labas ng mga paaralan. Sinasaliksik din ng Ulat ang epekto ng mga unyon ng pulisya sa pananagutan sa pagpapatupad ng batas at mga protokol at alituntunin para sa pagsasanay sa pagpapatupad ng batas sa panghuhusga batay sa lahi at pagkakakilanlan. Higit pa rito, ipinagpapatuloy ng Ulat ang pagsusuri ng Board sa mga pretextual na pagpapahinto, pag-aaral ng mga resulta ng mga pagpapahinto kung saan napunan ang mga field interview card at kung saan ang mga pagpapahinto ay nagreresulta sa mga paratang na pagtutol sa pag-aresto.

Para madagdagan ang Ulat, isinama din ng Board ang isang buod ng Mga Rekomendasyon at Pinakamahuhusay na Kasanayan. Hinihikayat ng Board ang lahat ng stakeholder, kabilang ang mga ahensyang nagpapatupad ng batas, mga gumagawa ng patakaran, ang California Commission on Peace Officer Standards and Training (POST), mga mananaliksik, tagapagtaguyod, at miyembro ng komunidad, na gamitin ang mga rekomendasyon at pinakamahuhusay na kagawiang ito upang magmungkahi at magpatupad ng mga repormang batay sa data. Maaaring palakasin ng ganitong mga reporma ang pagpapatupad ng batas at mga ugnayan sa komunidad at mapabuti ang kaligtasan ng publiko para sa lahat ng taga-California.

### MGA NAPATUNAYAN TUNGKOL SA DATA NG PAGPAPAHINTO

- Nagsagawa ang 535 ahensya ng kabuuang 4,575,725 na pagpapahinto mula Enero 1, 2022 hanggang Disyembre 31, 2022. Mayroong 25 karagdagang ahensya na kinakailangang mag-ulat ng data ng pagpapahinto ng RIPA, pero walang naiulat na pagpapahinto sa 2022 ang mga ito.
- Pinahinto ang mga itim na indibidwal ng 131.5 porsyento na mas madalas kaysa sa inaasahan, batay sa kanilang nauugnay na bahagi sa populasyon ng California, gamit ang paghahambing ng data ng pagpapahinto at data ng populasyon ng residente.


## Paghahambing ng Populasyon ng Residente sa Data ng Pagpapahinto<sup>1</sup>



- Karamihan sa mga pinapahinto ay binubuo ng mga pinaniniwalaang Hispanic/ Latine(x) (42.9%), Puti (32.5%), o Itim (12.5%).
- Pinaniniwalaang nasa pagitan ng 25 at 34 taon ang pinakamalaking proporsyon ng mga indibidwal na pinapahinto sa loob ng anumang pangkat ng edad (32.1%).
- Karamihan sa mga indibidwal na pinapahinto ay pinaniniwalaang cisgender na lalaki (70.9%) o cisgender na babae (28.7%), kasama ang lahat ng iba pang pangkat na samasamang bumubuo sa mas mababa sa isang porsyento ng mga pagpapahinto.
- Naniniwala ang mga opisyal na 1.4 porsyento ng mga indibidwal na pinapahinto ay mayroong kapansanan. Sa mga indibidwal na pinaniniwalaang may kapansanan, pinakakaraniwang kapansanan na iniulat ng mga opisyal ang kapansanan sa kalusugan ng pag-iisip (68.4%).


<sup>1</sup> Dahil ang talahanayan ng ACS na ginamit para sa mga pagsusuring ito ay walang kategorya ng lahi na maihahambing sa pangkat ng Middle Eastern/South Asian sa loob ng RIPA data, walang bar ng populasyon ng residente para sa pangkat na ito sa Figure na ito. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa ACS data na ginamit sa seksyong ito, tingnan ang seksyon B.1 ng Appendix B.

**Distribusyon ng Lahi o Etnisidad, Kasarian at Edad sa 2022 Data ng Pagpapahinto ng RIPA**



- Ang iniulat na pinakakaraniwang dahilan ng pagpapahinto sa lahat ng lahi at etnikong pangkat ay ang paglabag sa trapiko (82.1%), na sinusundan ng makatwirang hinala na nasasangkot ang isang tao sa kriminal na aktibidad (14.2%). Pinakamataas ang iniulat na proporsyon sa pagpapahinto sa mga indibidwal na pinaniniwalaang Native American ang makatwirang hinala (20.3%) at ang pinakamababang proporsyon ng iniulat na pagpapahinto ang paglabag sa trapiko (71.3%).

## Pangunahing Dahilan ng Pagpapahinto ayon sa Lahi o Etnisidad




- Iniulat ng mga opisyal na ginawa ang 9.3 porsyento ng mga pagpapahinto bilang tugon sa isang tawag para sa serbisyo.

Sinuri din ng Board ang mga ginawang aksyon ng mga opisyal na nagpapatupad ng batas sa mga pagpapahinto. Ipinapahiwatig ng mga resulta na:


- Mas mataas ang rate ng pagsisiyasat sa lahat ng lahi o etnikong pangkat na may kulay kaysa sa mga indibidwal na pinaniniwalaang Puti, maliban sa mga indibidwal na pinaniniwalaang Asian, Middle Eastern/South Asian, at Pacific Islander. Pinakamataas ang rate ng pagsisiyasat sa mga indibidwal na pinaniniwalaang Native American (22.4%), habang pinakamababa ang rate ng pagsisiyasat sa mga indibidwal na pinaniniwalaang Middle Eastern/South Asian (4.2%). Ang mga indibidwal na pinaniniwalaang Puti ay sinisiyasat ng 12.4 porsyento nang mas madalas, ibig sabihin, 10 porsyentong mas madalas na sinisiyasat ng mga opisyal ang mga indibidwal na pinaniniwalaang Native American kaysa sa mga indibidwal na pinaniniwalaang Puti (22.4% kumpara sa 12.4%). Mas madalas ding sinisiyasat ng mga opisyal ang mga indibidwal na pinaniniwalaang Itim (+8.2%), Hispanic/Latine(x) (+2.5%), at Multiracial (+1.8%) kaysa sa mga pinahintong indibidwal na pinaniniwalaang Puti.
- Hindi malaki ang pagkakaiba-iba ng mga discovery rate sa pagsisiyasat (ibig sabihin, ang rate kung saan natuklasan ang mga kontrabando o ebidensya ng krimen) sa mga lahi o etnikong pangkat. Gayunpaman, mas mababa ang mga discovery rate sa mga pagpapahinto na may kasamang pagsisiyasat sa lahat ng lahi o etnikong pangkat na may kulay (-2.1% Asian, -2.5% Itim, -4.0% Hispanic/Latine(x), -5.6% Middle Eastern/South Asian, -0.6% Multiracial, -0.6% Native American, at -2.6% para sa mga indibidwal na Pacific Islander) kumpara sa mga indibidwal na pinaniniwalaang Puti.

## Hindi Patas na Pakikitungo sa Lahi o Etniko sa mga Rate ng Pagsisiyasat at Discovery Rate




- Kaugnay ng iba pang pangkat, pinakamataas ang rate ng mga pinaniniwalaang Native American para sa pagpoposas (17.8%) sa lahat ng lahi at etnikong pangkat. Pinakamataas ang rate ng mga pinaniniwalaang Itim para sa pagdetene sa gilid ng bangketa o sa patrol car (20.2%) at pagpapalabas ng sasakyan (7.1%). Pinakamababa ang naiulat na rate ng mga pinaniniwalaang Middle Eastern/South Asian para sa bawat isa sa mga aksyong ito (mula sa 1.6% hanggang 5.4%).

## Mga Ginawang Aksyon sa Panahon ng Pagpapahinto ayon sa Lahi o Etnisidad



- Kaugnay ng iba pang pangkat ng edad, pinakamataas ang rate ng mga pinaniniwalaang nasa pagitan ng 10 hanggang 14 taon para sa pagsisiyasat (24.6%), pagdetene sa gilid ng bangketa o sa patrol car (32.9%), at pagpoposas (19.2%). Pinakamataas ang rate ng mga pinaniniwalaang nasa pagitan ng 15 hanggang 17 taon para sa pagpapalabas ng sasakyan (7.2%).


### Mga Ginawang Aksyon sa Panahon ng Pagpapahinto ayon sa Pangkat ng Edad



- Pinakamataas ang rate ng mga pinaniniwalaang transgender na babae para sa pagsisiyasat (28.3%), pagdetene sa gilid ng bangketa o sa patrol car (30.3%), pagpoposas (29.9%), at pagpapalabas ng sasakyan (6.4%). Patuloy na pinakamababa ang rate ng mga pinaniniwalaang cisgender na babae para sa bawat isa sa mga aksyong ito (8.6% sa pagsisiyasat, 11.3% sa pagdetene sa gilid ng bangketa o sa patrol car, 7.1% sa pagpoposas, at 3.4% sa pagpapalabas ng sasakyan).
- Mas mataas ang rate sa pagsisiyasat (42.7%), pagdedetene sa gilid ng bangketa o sa patrol car (42.2%), at pagpoposas (41.6%) sa mga pinaniniwalaang may kapansanan kaysa sa mga pinaniniwalaang walang kapansanan (13.4% sa pagsisiyasat, 14.4% sa pagdetene sa gilid ng bangketa o sa patrol car, at 9.9% sa pagpoposas). Gayunpaman, mas mababa ang rate ng mga pinaniniwalaang may kapansanan para sa pagpapalabas ng sasakyan (3.4%), kumpara sa mga indibidwal na pinaniniwalaang walang kapansanan (4.8%).

Iniuulat din ng mga opisyal ang resulta ng bawat pagpapahinto (halimbawa, pagbibigay ng babala o citation, pag-aresto, o walang ginawang aksyon). Nag-ulat ang mga opisyal na pinakamadalas na walang aksyon ang resulta ng pagpapahinto sa mga pinaniniwalaang Itim (12.4%). Iniuulat ng mga opisyal na pinaka hindi madalas na walang aksyon ang resulta ng pagpapahinto sa mga pinaniniwalaang Middle Eastern/South Asian (4.5%).

## Resulta ng Pagpapahinto – Walang Aksyon ayon sa Lahi o Etnisidad



### PRETEXTUAL NA PAGPAPAHINTO


Ang Ulat na ito ay patuloy na bumubuo sa naunang talakayan, pagsusuri, at mga rekomendasyon ng Board tungkol sa pretext na pagpapahinto at pagsisiyasat. Una, sinusuri ng Board ang pagiging epektibo ng dalawang magkaibang diskarte sa patakaran para sa pretext na pagpapahinto na ipinapatupad ng Los Angeles Police Department (LAPD) at ng estado ng Virginia. Binibigyang-daan ng bagong patakaran ng LAPD ang mga opisyal na magpahinto lamang sa trapiko kung lubos na nakakasagabal sa kaligtasan ng publiko ang paglabag o kung may impormasyon sila para maghinala na nakagawa ng malubhang krimen ang naturang tao (ibig sabihin, isang krimen na posibleng magresulta sa malubhang injury o kamatayan). Salungat dito, itinatag ng patakaran ng Virginia ang tinatawag na pangunahin at pangalawang sistema ng pagpapatupad ng trapiko, kung saan maaari lamang pahintuin ng isang opisyal ang isang tao dahil sa pangunahing paglabag sa kaligtasan ng publiko at hindi lamang para sa tinukoy na pangalawang paglabag, tulad ng nag-expire na rehistro.

- Sa una, lumilitaw na nag-ambag ang mga patakaran sa pangkalahatang pagbawas sa mga pagpapahinto at pagsisiyasat. Ipinapahiwatig ng data ng LAPD ang pangkalahatang pagbawas sa mga pagpapahinto at pagsisiyasat, bahagyang pagtaas sa mga discovery rate, at bahagyang pagbaba ng mga hindi patas na pakikitungo sa mga taong pinahinto na pinaniniwalaang Itim. Ipinapahiwatig ng data para sa Virginia ang bahagyang pagbawas sa bilang ng mga pagpapahinto at pagsisiyasat sa pangkalahatan, bagama't nagpapatuloy ang mga hindi patas na pakikitungo. Dahil bago ang mga patakarang ito, makakatulong ang pagsusuri sa mas maraming data sa epekto ng mga ito.
- Ipinapahiwatig ng data sa mga pagpapahinto ng LAPD na kapansin-pansing nabawasan ang bilang ng mga pagpapahinto dahil sa paglabag sa trapiko para sa mga karaniwang paglabag sa kagamitan pagkatapos ipatupad ang patakaran sa pretext ng LAPD (60.2%



na pagbawas sa kabuuang pagpapahinto para sa mga paglabag sa kagamitan sa yugto ng paghahambing sa pagitan ng 2022 at 2021).

**Mga Kabuuang Buwanang Pagpapahinto para sa Los Angeles Police Department 2021 at 2022**



- Natuklasan ng LAPD ang mga kontrabando sa panahon ng mas mataas na porsyento ng mga ulat ng RIPA sa pagpapahinto na may pagsisiyasat pagkatapos maipatupad ang patakaran sa pretext (37.9% na discovery rate) kumpara sa parehong yugto ng panahon noong 2021, bago maipatupad ang patakaran sa pretext (36.0% na discovery rate).

Susunod, tinatalakay ng Board ang mga panukalang lehislatura upang matugunan ang mga pretext na pagpapahinto at pagsisiyasat, kabilang ang Senate Bill No. 50 (2023-2024 Reg. Sess.) at Assembly Bill No. 93, at ipinahayag ang suporta nito sa mga panukalang batas na ito at kaugnay na mga rekomendasyon. Tinalakay din ng Board ang mga probisyon tungkol sa pretext na pagpapahinto at pagsisiyasat, kabilang ang mga pagsisiyasat nang may pahintulot, sa kasunduan sa settlement sa pagitan ng Estado ng Minnesota at ng Police Department ng Minneapolis na nagresulta mula sa magkatulad na pattern at mga ensayong imbestigasyon ng Minnesota at ng United States Department of Justice (US DOJ) kasunod ng pagpatay kay George Floyd.


Mas malalim din na sinaliksik ng Board ang data ng RIPA na may kaugnayan sa mga pretext na pagpapahinto, na sinusuri ang mga resulta ng pagpapahinto kung saan napunan ang mga field interview card at kung saan ang mga pagpapahinto ay nagreresulta sa mga paratang na pagtutol sa pag-aresto. Ipinapakita ng mga resulta na kapansin-pansin ang hindi patas na pakikitungo, at ipinapahiwatig ng data na ang mga resulta ay maaaring may kaunti o walang koneksyon sa orihinal na mga dahilan ng pagpapahinto, tulad ng mga paglabag sa trapiko.

## **Field Interview Card**

Ang field interview card ay isang dokumentong maaaring piliing punan ng mga opisyal na nagpapatupad ng batas sa panahon ng pakikipag-ugnayan sa isang indibidwal na maaaring maglaman ng impormasyon tungkol sa palayaw ng isang tao, kung sino ang kasama ng tao, kung ano ang kanilang suot, o anumang social media account – kahit na hindi ito sangkot sa kriminal na aktibidad. Inilalagay sa mga criminal database ang marami sa mga field interview card na ito, gaya ng CalGang, na ginagamit ng mga ahensyang nagpapatupad ng batas upang maibahagi ang nakuhang data sa mga panayam na ito. Maaaring magkaroon ito ng malubhang epekto; kung “kilala ng pulisya” ang isang indibidwal dahil nasa database ang pangalan nito — kahit na dahil sa isang consensual encounter (napagkasunduang pag-uusap) — maaari silang ituring ng tagapagpatupad ng batas na may kriminal na kasaysayan kahit wala sila nito. Gaya ng ipinapakita sa ibaba, ipinapakita ng data ng RIPA ang mga hindi patas na pakikitungo sa kung kailan napunan ng mga opisyal ang field interview card. Higit na partikular, kadalasang hindi ipinapahiwatig ng mga dahilan ng pagpapahinto na kailangang punan ang isang field interview card. Kung nagsasagawa ang isang opisyal ng pretextual na pagpapahinto — kung saan ipinapakita ng data ng RIPA na may mga hindi patas na pakikitungo, na nagmumungkahi na maaaring may nangyaring bias — maaaring makaimpluwensya sa pagpapahinto ang anumang inisyal na bias sa desisyon na punan ang isang field interview card at sa impormasyong inirerekord ng opisyal sa card at inilalagay sa database. Maaari itong magresulta sa pagsasama-sama ng bias na nakakaapekto sa database.

- Sa mga pagpapahinto kung saan napunan ng mga opisyal ang field interview card, kinakatawan ng mga pinaniniwalaang Hispanic/Latine(x) ang pinakamalaking lahi o etnikong pangkat ng mga indibidwal na pinahinto (45.6%), na sinusundan ng mga pinaniniwalaang Puti (24.2%) at Itim ( 23.6%). Gayunpaman, mas malaking porsyento na napupunan ang mga field interview card sa mga pagpapahinto kapag ang indibidwal ay pinaniniwalaang Itim (5.4% ng mga pagpapahinto), Multiracial (3.2%), o Hispanic/Latine(x) (3.0%). Pinakamataas ang per capita na paglitaw ng mga pinaniniwalaang Itim sa mga field interview card (1,441 field interview card bawat 100,000 residente o 4.4 na beses ng average ng buong estado).

**Porsyento ng mga Pagpapahinto na may Field Interview Card ayon sa Lahi o Etnikong Pangkat**



Pinaniniwalaang Lahi o Etnikong Pangkat


- Kapag pinahinto ng isang opisyal ang isang indibidwal, iniulat ng opisyal ang partikular na pinaghihinalang pagkakasala. Para sa mga pagpapahinto para sa makatwirang hinala, ang mga pangunahing paglabag na may pinakamalaking bilang ng mga field interview card ay ang paglabag sa mga lokal na ordinansa (9,463 field interview card),<sup>2</sup> pangangalaga sa komunidad (5,079 field interview card), trespassing (4,844 field interview card), at pagnanakaw (3,451 field interview card).<sup>3</sup>
- Pinakamataas ang porsyento ng mga kabataang pinaniniwalaang 10 hanggang 14 na taon para sa pagpapahinto kung saan inisyu ang mga field interview card (7.8% ng mga pagpapahinto kung saan inisyu ang isang field interview card), na sinusundan ng 15 hanggang 17 taon (6%). Higit pa sa doble ang mga rate na ito kaysa sa average na porsyento ng pagpapahinto sa buong estado na may mga field interview card (2.8%).

<sup>2</sup> Ang mga paglabag sa lokal na ordinansa sa mga Offense Code 65002 at 65000 ay pinagsama sa 65000 para sa mga layunin ng figure na ito.

<sup>3</sup> Tinukoy ang mga paglabag sa lokal na ordinansa sa mga Offense Code 65000 at 65002 ng California DOJ CJIS. Tinukoy ang Pangangalaga sa Komunidad sa Offense Code 99990 ng California DOJ CJIS.

- Sa lahat ng pangkat ng edad sa pagitan ng 10 at 80 taon at sa lahat ng lahi at etnikong pangkat, pinakamataas ang porsyento ng pinaniniwalaang Itim para sa pagpapahinto kung saan napunan ang isang field interview card.

### Porsyento ng mga Pagpapahinto na may Field Interview Card ayon sa Lahi o Etnikong Pangkat at Pangkat ng Edad



Batay sa mga resultang ito, isinagawa ng Board ang mga sumusunod na rekomendasyon sa Lehislatura, mga munisipalidad, at ahensya tungkol sa mga field interview card:

- Ipagbawal ang pagkuha ng mga field interview card at pagpapasok sa CalGang o anumang database ng ahensya kung walang pag-aresto.
- Ipagbawal ang pagkuha ng mga field interview card at pagpapasok ng mga kabataan sa CalGang o anumang database ng ahensya na idinisenyo upang subaybayan ang kriminal na impormasyon pagkatapos kuwestyonin ang kabataan o isagawa ang isang field interview nang walang presensya ng isang abogado.
- Bilang kahalili ng dalawang rekomendasyon sa itaas, dapat kilalanin ng mga ahensya (at isama sa kanilang mga patakaran) na maaaring hindi ganap na napagkasunduan ang mga pag-uusap na ito, at dapat hilingin ang mga opisyal na ipaalam sa mga kinakapanayam sa field na hindi nila kailangang sagutin ang mga tanong at malaya silang umalis. Bukod pa rito, dapat hilingin ang mga opisyal na:


- Ipaalam sa mga indibidwal na kusang-loob ang pagbibigay ng pisikal na anyo ng pagkakakilanlan;
  - Huwag gamitin ang hindi paghinto, hindi pagsagot sa mga tanong, pagpapasyang wakasan ang pag-uusap, o pagtatangka o pagpapasyang umalis ng isang tao upang magkaroon ng makatwirang hinala para sa inisiyal na pagpapahinto o pagdedetene, pagsisiyasat, citation, o pag-aresto sa tao kung kasalukuyang kinakapanayam, o tinangkang kapanayamin, ng isang opisyal ang naturang tao.
- Isaalang-alang ang pagbabawal sa mga ahensyang nagpapatupad ng batas na gumawa ng mga criminal database na hindi nauugnay sa impormasyon tungkol sa isang pag-aresto o paghatol.
  - Ipagbawal ang pagkuha ng impormasyon at pagpasok sa anumang database ng ahensya na idinisenyo upang subaybayan ang kriminal na impormasyon kung nagmumula ang entry sa isang pagpapahinto para sa pangangalaga sa komunidad o kapag ang isang tao ay maaaring nakakaranas ng krisis sa kalusugan ng pag-iisip. Dapat suriin ng mga supervisor na tagapagpatupad ng batas ang anumang kaso kung saan napunan ang isang field interview card pagkatapos ng pakikipag-ugnayan para sa pangangalaga ng komunidad o interbensyon sa krisis. Hindi nalalapat ang rekomendasyong ito sa pagkuha ng impormasyon na maaaring makatulong sa tagapagpatupad ng batas sa diskarte nito sa pakikipag-ugnayan sa indibidwal na nasa krisis o sa pakikibahagi sa kanilang mga legal na kinakailangan sa ilalim ng mga batas sa karapatang sibil para sa kapansanan.
  - Gawing mas transparent ang proseso ng pag-alis mula sa CalGang at iba pang database ng ahensya na idinisenyo upang subaybayan ang o paglagyan ng kriminal na impormasyon. Atasan ang mga ahensya na magsagawa ng mga regular na pag-audit, kabilang ang pagtukoy kung wasto bang ibinigay ang abiso sa taong inilagay sa database at pagsusuri sa mga proseso para sa pag-alis mula sa mga database upang matiyak na nasusunod ang mga batas.
  - Gumawa ng mga insentibo sa pagpopondo para sa mga ahensya upang ipatupad ang mga patakarang nagbabawal na mailagay sa mga database ng ahensya ang hindi kriminal na impormasyon para sa mga layunin ng pagsubaybay at pag-audit ng mga kagawiang iyon.

### ***Pagtutol sa Pag-aresto sa Pagpapahinto***

Sa California, ang pagtutol sa pag-aresto (kabilang ang pagpigil o pag-antala sa isang opisyal sa pagsasagawa ng kanilang mga tungkulin) ay maaaring kasuhan ng misdemeanor na mayroon o walang kasamang mga parusa. Sa Ulat na ito, partikular na susuriin ng Board ang mga paratang na misdemeanor sa pagtutol sa pag-aresto kung saan walang alegasyon ng injury bilang bahagi ng krimen at ang tanging kaso ay pagtutol sa pag-aresto.


- Pinakamataas ang per capita rate ng mga pinaniniwalaang Itim para sa mga pagpapahinto na nagresulta sa nag-iisang paratang na pagtutol sa pag-aresto (32.7 na pagpapahinto sa bawat 100,000 residente, 3.3 beses ng average ng buong estado). Naabot ng mga pinaniniwalaang Itim ang 19.2 porsyento ng lahat ng pagpapahinto na nagresulta sa nag-iisang paratang na pagtutol sa pag-aresto, habang 5.4 porsyento lamang ng populasyon ng residente sa California.
- Pinakamataas ang porsyento ng mga pinaniniwalaang Native American para sa porsyento ng mga pagpapahinto na nagresulta sa nag-iisang paratang na pagtutol sa pag-aresto sa mga pinaniniwalaang lahi o etnikong pangkat (0.22%, 2.8 beses ng average ng estado). Ang iba pang lahi o etnikong pangkat na may higit sa average na porsyento ng mga pagpapahinto na nagreresulta sa nag-iisang paratang na pagtutol sa pag-aresto ay kinabibilangan ng mga pinaniniwalaang Itim (0.12% ng mga pagpapahinto), Multiracial (0.1%), Pacific Islander (0.09%) at Hispanic/Latine(x) (0.08 %).

**Porsyento ng mga Pagpapahinto na Nagreresulta sa Nag-iisang Pagtutol sa Pag-aresto ayon sa Lahi o Etnikong Pangkat**



- Pinakamataas ang porsyento ng mga nasa pagitan ng 11 hanggang 15 taon para sa mga pagpapahinto na nagresulta sa nag-iisang paratang na pagtutol sa pag-aresto sa mga pinaniniwalaang pangkat ng edad (0.37%, 4.6 na beses ng average ng estado).

**Porsyento ng mga Pagpapahinto na Nagresulta sa Nag-iisang Pagtutol sa Pag-aresto ayon sa Pangkat ng Edad**



- Pinakamataas ang porsyento ng pagpapahinto sa mga pinaniniwalaang may kapansanan sa kalusugan ng pag-iisip na nagresulta sa nag-iisang paratang na pagtutol sa pag-aresto sa mga pinaniniwalaan o kilalang mga pangkat na may kapansanan (0.46%, 5.7 beses ng average ng estado).
- Pinakamataas ang porsyento ng pagpapahinto sa mga pinaniniwalaang LGBT at transgender na nagresulta sa nag-iisang paratang na pagtutol sa pag-aresto (0.25%, tatlong beses ng average ng buong estado).

Batay sa data ng RIPA at pagsusuri sa mga epekto ng umuusbong na mga patakaran ng mga abogado ng distrito, gumawa ng ilang rekomendasyon ang Board sa mga ahensya, munisipalidad, abogado ng distrito, at Lehislatura:

- Magpatupad ng mga panloob na patakaran na nagbabawal sa mga abogado ng distrito at sa mga ahensyang nagpapatupad ng batas na magsumite sa opisina ng abogado ng distrito ng mga pagrepaso ng mga kriminal na pagsasampa ng misdemeanor sa standalone na paratang sa pagtutol sa pag-aresto kung ito lang ang tanging nakalistang paratang ng pag-aresto at walang iba pang citable na paglabag maliban na lang kung may mga pambihirang pangyayari, tulad ng isang natutukoy at patuloy na banta sa isa pang indibidwal o ibang pangyayari na may katumbas na bigat.
- Saliksikin ang mga panloob na patakaran na naglilimite sa mga abogado ng distrito mula sa pagsasampa ng standalone na misdemeanor na paratang sa pagtutol sa pag-aresto o

mga kaso kung saan pinaparatangan ang tumututol sa pag-aresto kasabay ng trespass, paggambala sa kapayapaan, pagmamaneho nang walang lisensya o nang may suspendidong lisensya, pagdadala ng simpleng droga, pagdadala ng alak ng isang menor de edad, pag-inom sa publiko, nasa impluwensya ng kinokontrol na sangkap, pagkalasing sa publiko, o pagtambay maliban na lang kung may mga hindi pangkaraniwang pangyayari, tulad ng isang natutukoy at patuloy na banta sa isa pang indibidwal o ibang pangyayari na may katumbas na bigat.

- Bumuo ng mga patakaran upang atasan ang mga opisyal na abisuhan ang mga supervisor bago magsagawa ng pag-aresto para sa pagtutol sa pag-aresto at hilingin sa mga supervisor na suriin ang anumang kaso kung saan may alegasyon sa isang ulat na mayroong pagtutol sa pag-aresto.
- Bumuo ng mga patakaran na nag-aatas sa mga abogado ng distrito na suriin ang footage ng body-worn camera sa anumang kaso na nagsasangkot ng isang alegasyon na pagtutol sa pag-aresto bago magsampa ng mga kaso.
- Magpatupad ng mga panloob na patakaran na nag-aalis o lubhang naglilimita sa mga pag-aresto at paratang na inihain para sa pagtutol sa pag-aresto sa panahon ng mga consensual encounter maliban kung may mga hindi pangkaraniwang pangyayari, tulad ng isang natutukoy at patuloy na banta sa isa pang indibidwal o ibang pangyayari na may katumbas na bigat.
- Magpatupad ng mga panloob na patakaran na nagbabawal sa pag-aresto at pagsasampa ng mga kaso laban sa mga indibidwal na pinatigil para sa pangangalaga sa komunidad maliban kung may mga hindi pangkaraniwang pangyayari, tulad ng isang natutukoy at patuloy na banta sa isa pang indibidwal o ibang pangyayari na may katumbas na bigat.
- Magpatupad ng mga panloob na patakaran na nagbabawal sa pag-aresto at pagsasampa ng mga kaso laban sa mga indibidwal kung ang alegasyon ng pagtutol ay nagmumula sa isang may kapansanan.

### ***Uri ng Atas: Mga Espesyal na Team at Pagbabantay sa mga Lugar na may Matataas na Krimen***

Panghuli, sinusuri ng Board ang data ng uri ng atas ng opisyal, kabilang ang isang talakayan sa kasaysayan ng mga espesyal na team at mga alalahanin tungkol sa ilan sa kanilang mga aksyon. Tinatalakay ng Ulat kung paano maaaring mapataas ng uri ng atas (gaya ng mga espesyal na yunit) at iba pang partikular na diskarte sa pagbabantay ang mga pagkakataon para sa mga pretextual na pagpapahinto. Ipinapahiwatig ng data ng RIPA para sa 2022 na:



- Para sa siyam sa sampung uri ng atas ng opisyal, pinakamataas ang rate ng pagpapahinto sa bawat residente na pinaniniwalaang Iitim, na sinusundan ng mga pinaniniwalaang Pacific Islander at Hispanic/Latine(x).
- Kumpara sa lahat ng uri ng atas ng opisyal, ang mga opisyal na nagtatrabaho sa isang espesyal na team at may uri ng atas na “Gang Enforcement” ang may pinakamataas na porsyento ng lahat ng mga stop action sa panahon ng mga pagpapahinto, maliban sa paggamit ng dahas. Ang mga opisyal sa ganitong uri ng atas ay pinosasan ang isang indibidwal sa 20.4 porsyento ng lahat ng pagpapahinto para sa mga paglabag sa trapiko, nagsagawa ng detensyon (sa gilid ng bangketa o sa patrol car) sa 28.6 porsyento ng mga pagpapahinto ng trapiko, at nagsagawa ng pagsisiyasat sa 39.3 porsyento ng mga pagpapahinto ng trapiko.

Isinagawa ng Board ang mga sumusunod na rekomendasyon patungkol sa mga uri ng atas ng opisyal at ang paggamit ng mga espesyal na team:

- Gumawa ng mga patakaran na nagbibigay ng masusukat na pangangasiwa ng mga espesyal na team at nag-aatas sa mga ahensyang nagpapatupad ng batas na bumuo ng mga patakaran na tumutukoy sa malilinaw na layunin at resulta para sa mga espesyal na team. Dapat tugunan ng mga patakarang ito ang pagpapatupad ng anumang paglabag sa batas o paglihis mula sa programmatic mission; at
- Magbigay ng pagpopondo para sa mga programang nakatuon sa mga programang interbensyon sa droga at karahasan na nakabatay sa komunidad.

Sinimulan ding tuklasin ng Board ang kaugnayan sa pagitan ng mga paratang sa pagdadala ng droga at pretextual na pagpapahinto, kabilang ang pagrepaso sa data ng RIPA na nagpapakita na ang mga Iitim o Hispanic/Latine/(x) ay mas malamang na mabigyan ng citation o arestuhin para sa mga paglabag sa droga sa kabila ng pananaliksik na nagpapakita na ang rate ng paggamit ng droga ay halos pareho sa lahi at etnisidad.

- Para sa mga pagpapahinto na nagreresulta sa mga paratang sa pagdadala ng droga, ang nangungunang sampung dahilan ng pagpapahinto ay ang limang uri ng paglabag sa kagamitan ng sasakyan, tatlong code ng pagkakasala na nauugnay sa pagdadala ng droga, at dalawang makatwirang hinala sa paglabag (hindi pagsunod sa utos ng juvenile na hukuman at ikalawang antas na pagnanakaw). Ang limang paglabag sa kagamitan na nagreresulta sa pinakamaraming paratang sa pagdadala ng droga ay ang rehistro ng sasakyan (6,577), maling pag-display ng mga plaka (2,319), paglabag sa headlight ng bisikleta (2,004), hindi pagpapanatili ng mga ilaw ng sasakyan (1,336), at pagkabara sa bintana (1,093).


- Pinakamataas ang rate ng pagpapahinto sa mga pinaniniwalaang Itim dahil sa pagdadala ng droga sa rate ng bawat residente sa mga lahi o etnikong pangkat (105.1 na pagpapahinto na may iniulat na dahilan ng pagpapahinto ang pagdadala ng droga, 2.6 na beses ng average ng buong estado).

### PAKIKIPAG-UGNAYAN NG PULIS SA MGA KABATAAN NA MAY KAPANSANAN AT NAKAKARANAS NG KRISIS SA KALUSUGAN NG PAG-IISIP

Sa taong ito, sinusuri ng Board ang mga data at pananaliksik na nagmumungkahi na ang mga kabataang may kapansanan, kabilang ang mga kabataang nakakaranas ng mga krisis sa kalusugan ng pag-iisip, ay partikular na madaling maladlad sa karahasan ng pulisya at mas nanganganib sa hindi kanais-nais na pakikipag-ugnayan sa pulisya, paggamit ng dahas, at kamatayan sa panahon ng mga engkwentro ng pulisya. Ipinapahiwatig ng data ng pagpapahinto na iniulat ng mga ahensyang nagpapatupad ng batas ng California noong 2022 at iba pang pag-aaral na:

- Pinakamataas ang porsiyento ng mga indibidwal na pinaniniwalaang o natukoy na may kapansanan sa mga pagpapahinto na iniulat bilang makatwirang hinala sa lahat ng pangkat ng edad, kumpara sa mga pinaniniwalaang walang kapansanan.


#### Pagpapahinto na may Makatwirang Hinala ayon sa Pangkat ng Edad at Kapansanan



- Iniulat ng mga opisyal na 1.2 porsiyento ng mga pagpapahinto na ginawa noong 2022 ay mga consensual encounter na nagresulta sa pagsisiyasat. Pinakamataas ang porsiyento ng mga kabataan sa pagitan ng 10 at 14 na taon na pinaniniwalaang may kapansanan sa mga pagpapahinto na iniulat bilang isang consensual encounter na nagreresulta sa pagsisiyasat (12.0%) kumpara sa mga kabataang pinaniniwalaang walang kapansanan,

na sinusundan ng mga kabataang pinaniniwalaang may kapansanan sa pagitan ng 15 at 17 taon (11.5%).

**Rate ng Consensual Encounter na Nagrerresulta sa Pagsisiyasat ayon sa Pangkat ng Edad at Kapansanan**



- Sa California, mas mataas ang pag-refer ng mga pampublikong paaralan sa mga mag-aaral na may kapansanan sa tagapagpatupad ng batas kaysa sa karamihan ng iba pang mag-aaral. Tanging mga Itim na estudyante lang ang may mas mataas na rate ng pag-refer. Kung may nakatalagang opisyal na nagpapatupad ng batas ang paaralan, apat na beses ang rate ng referral para sa mga estudyanteng may mga kapansanan.
- Ang mga pagpapahinto ng pulisya ay maaaring magdulot ng masamang epekto sa kaysa sa inisyal na pag-aresto o pakikipag-ugnayan sa sistema ng hustisya ng kabataan, kabilang ang mas mataas na rate ng pag-aresto, pagdetene sa kabataan, at mga pangmatagalang epekto sa kalusugan ng pag-iisip. Sa sistema ng hustisya ng kabataan ng County ng Los Angeles lamang, 87 porsiyento ng mga kabataan ay may kapansanan sa pag-iisip.

Dahil sa data na ito, tinatalakay ng Board ang mga negatibong epekto sa kalusugan ng pag-iisip at kriminalisasyon na maaaring magresulta mula sa pakikipag-ugnayan ng kabataan sa pulisya, pati na rin ang mga diskarte na inirerekomenda ng mga mananaliksik at tagapagtaguyod para sa mga encounter sa mga kabataang may kapansanan at nakakaranas ng mga krisis sa kalusugan ng pag-iisip. Sa pangkalahatan, inirerekomenda ng mga mananaliksik at tagapagtaguyod na bigyang-prioridad ng mga ahensyang nagpapatupad ng batas at mga komunidad ang isang modelo na inuuna ang pangangalaga, na binabawasan ang hindi kinakailangang interbensyon sa kriminal na hustisya o tugon ng tagapagpatupad ng batas para sa tugon na nagpapanatili ng komunidad.

## PAGTUGON SA PANGHUHUSGA SA MGA MAG-AARAL

Patuloy na bumubuo ang Board sa pundasyon ng naunang ulat, na sinusuri ang mga isyu na may kaugnayan sa pagbabantay sa mga paaralan. Tinatalakay ng Ulat ang pananaliksik at data sa tagapagpatupad ng batas sa mga paaralan, gayundin ang magkakaibang epekto ng pagbabantay ng paaralan sa Iitim at Hispanic/Latine(x) na kabataan at mga kabataang may kapansanan sa mga paaralan ng California.

Tinatalakay ng Board ang pananaliksik na nagpapakita na magkakaiba ang mga priyoridad ng pulisya sa iba't ibang setting ng paaralan, kung saan ang mga opisyal na nagpapatupad ng batas na nakabase sa paaralan sa mga distrito ng paaralan sa White suburban ay mas madalas na tinitingnan ang mga mag-aaral na dapat protektahan, at ang mga opisyal na nagpapatupad ng batas na nakabase sa paaralan sa mga distrito ng lungsod na may mas malaking bilang ng mga Iitim na mag-aaral ay tinatrato ang mga estudyante bilang mga kriminal na dapat katakutan. Magkakaiba din ang tungkulin ng mga opisyal na nagpapatupad ng batas na nakabase sa paaralan sa bawat paaralan, at mas kasangkot ang mga opisyal sa proseso ng pagdidisiplina sa mga paaralang may mas maraming mag-aaral na may kulay.

Sinusuri din ng Board ang data, kabilang ang data ng pagpapahinto ng RIPA, tungkol sa pagpapatupad ng batas sa mga paaralan sa California. Ipinapahiwatig ng data na:

- Mas maraming iniuulat ang mga distrito ng paaralan sa California na mga opisyal na nagpapatupad ng batas kaysa sa mga social worker at mas maraming security guard kaysa sa mga nars.
- Mayroong 19 na departamento ng pulisya na pinangangasiwaan ng distrito ng paaralan sa California. Independyente ang mga departamento ng pulisya ng distrito ng paaralan sa mga ahensya ng pulisya ng munisipyo o mga departamento ng sheriff at itinatag ng namumunong board ng isang distrito ng paaralan. Karamihan sa mga mag-aaral sa mga distritong ito ng paaralan ay mga kabataang may kulay.
- Noong 2022, 743 opisyal ang nag-ulat ng mga pagpapahinto habang nagtatrabaho sa uri ng atas na “K-12 Public School.” Maaaring magtalaga ang mga departamento ng pulisya na pinangangasiwaan ng distrito ng paaralan at mga ahensyang nagpapatupad ng batas ng munisipyo ng mga opisyal na magtrabaho sa mga pampublikong paaralan ng K-12. Nag-ulat ang mga opisyal na ito ng 9,130 pagpapahinto habang nagtatrabaho sa ganitong uri ng atas.
- Sa mga pagpapahinto ng mga mag-aaral sa campus, 3,514 na pagpapahinto (54.6%) ang ginawa ng mga opisyal na may uri ng atas na “K-12 Public School” at 2,735 pagpapahinto (42.5%) ang ginawa ng mga opisyal na may uri ng atas na “Patrol, traffic enforcement, field operations.”

Ang pinakakaraniwang pangunahing dahilan ng pagpapahinto sa mga mag-aaral sa K-12 na mga campus ay makatwirang hinala na nasasangkot ang mag-aaral sa kriminal na aktibidad (3,705 pagpapahinto, 57.5% ng mga pagpapahinto ng mga mag-aaral sa campus). Ang susunod na pinakakaraniwang pangunahing dahilan para sa mga pagpapahinto ay “para matukoy kung


nilabag ng mag-aaral ang patakaran ng paaralan” (1,143 pagpapahinto, 17.8% ng mga pagpapahinto ng mga mag-aaral sa campus), paglabag sa trapiko (724 pagpapahinto, 11.2% ng mga pagpapahinto ng mga mag-aaral sa campus), “posibleng pag-uugali sa ilalim ng Education Code” (308 pagpapahinto, 4.8% ng mga pagpapahinto ng mga mag-aaral sa campus), at truancy (290 pagpapahinto, 4.5% ng mga pagpapahinto ng mga mag-aaral sa campus).

**Mga Bilang at Porsiyento ng mga Pangunahing Dahilan ng Pagpapahinto ng mga Mag-aaral sa K-12 Campus**

Dahilan ng Pagpapahinto	Bilang	Porsiyento ng mga Pagpapahinto ng Mag-aaral
Makatwirang Hinala	3,705	57.53%
Upang Matukoy Kung Nilabag ng Mag-aaral ang Patakaran ng Paaralan	1,143	17.75%
Paglabag sa Trapiko	724	11.24%
Posibleng Pag-uugali na Nangangailangan ng Pagdidisiplina sa Ilalim ng Education Code	308	4.78%
Upang Matukoy ang Truancy	290	4.50%
Consensual Encounter na Nagresulta sa isang Pagsisiyasat	171	2.66%
Nakabinbing Warrant/Wanted	62	0.96%
Pagsusubaybay	37	0.57%

- Mas malaki ang porsiyento ng mga mag-aaral sa campus na pinaniniwalaang Itim para sa makatwirang hinala (66.4% ng mga pagpapahinto) kumpara sa iba pang lahi o etnikong pangkat ng mga mag-aaral (Hispanic/Latine(x) (61.3%), Puti (49.7%), Asian (45%), Iba pa (42%).


## Dahilan ng Pagpapahinto – Porsiyento ng Pagpapahinto ng mga Mag-aaral sa Campus ayon sa Pangkat ng Pagkakakilanlan



Lahi o Etnikong Pangkat

- Mayroong 3,149 na pagpapahinto ng mga mag-aaral sa campus na iniulat ng mga opisyal na may kaugnayan sa mga tawag para sa serbisyo (48.9%). Inihahambing ito sa 9.3 porsiyento ng mga pagpapahinto sa buong estado na iniulat ng mga opisyal na nauugnay sa mga tawag para sa serbisyo.
- Pinakamataas ang porsiyento ng mga pagpapahinto sa mga mag-aaral sa campus na pinaniniwalaang Itim na pinosasan ng mga opisyal (20%) kumpara sa iba pang lahi o etnikong pangkat (Asian (11.7%), Hispanic/Latine(x) (11.1%), Puti (9.1%), o Iba pa (8.6%).

**Porsiyento ng mga Pagpapahinto kung saan Gumamit ang mga Opisyal ng Posas – Mga Mag-aaral sa Campus ayon sa Lahi o Etnikong Grupo**



- Ang pinakakaraniwang “Resulta ng Pagpapahinto” sa ng mga mag-aaral sa campus ay isang referral sa isang administrator ng paaralan (1,688 resulta), na sinusundan ng pakikipag-ugnayan sa isang magulang/legal na tagapag-alaga o ibang taong responsible para sa mag-aaral (1,553 resulta), citation para sa isang paglabag (1,215 resulta), in-field cite at release (986 resulta), babala (885 resulta), at custodial arrest nang walang warrant (818 resulta). Iniulat ng mga opisyal na 403 mag-aaral ang inilagay sa psychiatric hold kasunod ng paghinto sa mga K-12 na campus. Iniulat ng mga opisyal ang pagkumpleto ng mga field interview card bilang resulta ng 157 pagpapahinto ng mga mag-aaral sa K-12 campus.

Upang mabawasan ang hindi pantay at masasamang epekto ng mga pakikipag-ugnayan sa tagapagpatupad ng batas sa mga Itim at Hispanic/Latine(x) na mga mag-aaral at mga mag-aaral na may kapansanan, isinagawa ng Board ang mga sumusunod na rekomendasyon:

- Batay sa mga natuklasan sa 2023 na Ulat ng Board at sa kasalukuyang Ulat na nagpapakita ng bias sa lahi sa pagbabantay sa mga paaralan, inirerekomenda ng Board na bawiin ng Lehislatura ang bahagi ng Education Code section 38000 na nagpapahintulot sa mga distrito ng paaralan na magpatakbo ng mga sarili nitong departamento ng pulisya.
- Dapat tuklasin ng Lehislatura ang pagtukoy sa partikular na pag-uugali ng mag-aaral o mga paglabag ayon sa batas na nangangailangan ng aksyong pandisiplina na dapat pangasiwaan ng mga kawani ng paaralan, at kung saan hindi dapat kasangkot ang mga opisyal na nagpapatupad ng batas. Dapat kasama sa pagsusuring ito ang paglilinaw sa

pananagutan ng mga paaralan na tumugon sa pag-uugali na nangangailangan ng aksyong pandisiplina nang hindi umaasa sa pulisya at ang kaugnay na pananagutan ng pulisya na huwag tumugon sa mga isyu sa pagdidisiplina sa mga paaralan.

- Dapat ipatupad ng mga distrito ng paaralan ang mga patakaran na nag-aatas sa mga kawani na kumuha ng pag-apruba mula sa isang administrator bago iulat ang isang mag-aaral sa tagapagpatupad ng batas na may kinalaman sa mga bagay na hindi pang-emergency. Dapat magtakda ang mga distrito ng malilinaw na patakaran na maaari lamang makipag-ugnayan ang mga kawani sa tagapagpatupad ng batas nang walang paunang pag-apruba kapag may agarang banta sa kaligtasan ng paaralan o napipintong panganib ng malubhang pisikal na injury sa mga mag-aaral o kawani. Dapat na malinaw na tukuyin ng mga distrito ang mga sitwasyong iyon na magiging kwalipikado bilang isang emergency at atasan ang kawani na idokumento ang mga dahilan kung bakit nakipag-ugnayan sa tagapagpatupad ng batas.
- Dapat na mas malinaw na tukuyin ng Lehislatura kung paano dapat tratuhin ng mga kawani ng paaralan ang mga pinaghihinalaang pagkakasala na may kaugnayan sa pagkikipag-away, pag-atake at pananakit nang walang injury, mga banta ng pag-atake at pananakit, at pagdadala ng droga ng mga mag-aaral sa K-12 campus at kung dapat silang i-refer o hindi. pulis.
- Dapat ipagbawal ng Lehislatura na habulin o gumagamit ng dahas ang mga opisyal na nagpapatupad ng batas para pigilan, hulihin, o pagtagumpayan ang paglaban ng mga mag-aaral na tumatakas na may kaugnayan lamang sa mababang antas ng paggawi sa pagdidisiplina.
- Inirerekomenda ng Board na ipatupad ng mga distrito ng paaralan ang mga patakarang nagtatatag na hindi dapat gumamit ng dahas ang tagapagpatupad ng batas sa anumang pagkakataon laban sa mga mag-aaral kung ito ay hindi lehitimo, kinakailangan, at katimbang.

Bukod pa rito, inirerekomenda ng Board na:

*Pag-uulat ng Data Pagpapahinto ng Tagapagpatupad ng Batas sa mga Paaralan*

- Dapat ipatupad ng mga ahensyang nagpapatupad ng batas ang mga kasanayan upang matiyak ang tumpak at kumpletong pag-uulat ng data ng pagpapahinto ng RIPA sa mga bata at kabataan sa elementarya at sekondarya. Dapat magbigay ang mga ahensya ng pagsasanay upang linawin ang mga kinakailangan para sa pag-uulat ng mga pagpapahinto ng mga mag-aaral.
- Inirerekomenda ng Board na pagsamahin ang data, na pinaghiwa-hiwalay ng mga pangkat ng pagkakakilanlan, tungkol sa lahat ng pagpapahinto ng tagapagpatupad ng batas sa mga mag-aaral at ang mga resulta ng mga pagpapahintong ito sa umiiral na



sistema ng pananagutan sa paaralan ng California bilang isang tagapagpahiwatig ng klima ng paaralan.

### *Mga Proseso ng Pagtatasa sa Pagbabanta ng Mag-aaral*

- Dapat bumuo ang Lehislatura ng mga proteksyon sa angkop na proseso para sa mga proseso ng pagtatasa ng banta ng mag-aaral at ipag-utos na maaari lamang masuri bilang mga banta ang mga insidenteng kinasasangkutan ng pananakit sa sarili.
- Dapat pag-aralan ng mga mananaliksik ang mga resulta ng pagtatasa ng pagbabanta upang suriin kung pare-pareho ang mga ito, naaayon sa mga alituntunin ng mga programa, at epektibo sa pagbabawas ng karahasan at pagpapabuti ng mga karanasan ng mag-aaral.
- Dapat atasan ng Lehislatura ang mga paaralan na taunang ipaalam sa mga magulang at mag-aaral ang mga proseso ng pagtatasa ng pagbabanta sa pamamagitan ng pagsasama ng impormasyon sa mga ito sa mga patakaran at materyal ng oryentasyon ng paaralan at sa website nito.

### *Paggamit ng mga Restraint, Electronic Control Weapon, at mga Chemical Agent*

- Dapat ipagbawal ng Lehislatura sa mga opisyal na nagpapatupad ng batas at mga tauhan ng seguridad ng paaralan na gumamit ng mga mekanikal na restraint sa lahat ng mag-aaral maliban kung ang nagdudulot ang mag-aaral ng malubhang panganib ng injury sa kanilang sarili o sa ibang tao. Lalo na kung pinaniniwalaan o natukoy na may kapansanan ang mag-aaral o mayroon itong krisis sa kalusugan sa pag-iisip.
- Dapat ipagbawal ng Lehislatura sa mga opisyal na nagpapatupad ng batas at mga tauhan ng seguridad ng paaralan mula sa paggamit ng mga electronic control weapon laban sa mga mag-aaral o mga indibidwal na makatuwirang lumilitaw na mga menor de edad sa mga paaralang K-12.
- Dapat ipagbawal ng Lehislatura ang paggamit ng lahat ng chemical agent, kabilang ang, pero hindi limitado sa, OC spray, laban sa mga mag-aaral o mga indibidwal na makatuwirang lumilitaw na mga menor de edad sa mga paaralang K-12.

### *Pagsasanay*

- Dapat ipag-utos ng Lehislatura na ang sinumang opisyal na nagpapatupad ng batas na gumagawa ng isang atas na maaaring mangailangan ng pagtugon sa isang paaralan ay tumanggap ng pagsasanay na ibinigay ng POST, na kasalukuyang ipinag-uutos para sa mga opisyal na nagtatrabaho sa isang departamento ng pulisya na pinangangasiwaan ng distrito ng paaralan. Dapat ding ipag-utos ng Lehislatura na i-update ng POST ang pagsasanay na ito.

### *Pagpopondo*

- Dapat limitahan o ipagbawal ng Lehislatura ang paggamit ng pondo upang bayaran ang mga pulis na nakabase sa paaralan, kawani ng departamento ng probasyon na nakabase sa paaralan, at mga opisyal ng seguridad ng paaralan at muling mag-invest ng pagpopondo sa mga mapagkukunan na nagtataguyod ng mga ligtas na kapaligiran at mapabuti ang mga serbisyo sa mga mag-aaral, tulad ng pagbibigay ng mga navigator na mapagkukunan ng pamilya, tagapagtaguyod ng klima ng paaralan, at mga guro ng restorative justice.
- Inirerekomenda ng Board na bigyang-prioridad ng mga ahensya ng gobyerno ang grant at iba pang pagpopondo na nakatuon sa mga programang pang-edukasyon at suporta tulad ng pagpapayo, kumpara sa pagpopondo sa presensya ng tagapagpatupad ng batas sa mga paaralan.

### **MGA PATAKARAN AT PANANAGUTAN SA PANGHUHUSGA BATAY SA LAHI AT PAGKAKAKILANLAN**

Patulong na sinasaliksik ng Board ang mga isyu na may kaugnayan sa pananagutan ng pulisya, simula sa isang pagtalakay sa papel na maaaring gampanan ng mga unyon ng pulisya. Sinusuri ng Ulat ang kakulangan ng input ng komunidad sa mga kasunduan sa collective bargaining at impluwensya ng unyon ng pulisya sa batas na nakakaapekto sa pananagutan ng pulisya, gaya ng inilalarawan ng mga kasaysayan ng lehislatura ng mga Assembly Bill No. 931 at No. 392. Bukod pa rito, tinutugunan ng Ulat ang mga limitasyong dulot ng Public Safety Officers Procedural Bill of Rights (POBR) ng California na nakakaapekto sa kakayahan ng ahensyang nagpapatupad ng batas na panagutin ang mga opisyal.

Sinusuri din ng Ulat ang mga probisyon sa mga kontrata ng pulisya na pinaniniwalaan ng mga iskolar na maaaring limitahan ang pananagutan, kabilang ang: (1) pagkaantala sa interogasyon o panayam ng mga opisyal na pinaghihinalaang may maling pag-uugali; (2) pagbibigay sa mga opisyal ng access sa ebidensya sa alegasyon ng maling pag-uugali bago ang interogasyon; (3) nililimitahan ang pagsasaalang-alang ng mga rekord ng pagdidisiplina sa pamamagitan ng pagbubukod ng mga rekord para sa trabaho sa hinaharap o pagsira ng mga rekord ng pagdidisiplina mula sa mga file pagkatapos ng isang takdang panahon; (4) nililimitahan ang haba ng panahon kung kailan dapat tapusin ang isang imbestigasyon o maaaring mangyari ang aksyong pandisiplina; (5) nililimitahan ang mga hindi kilalang reklamo; (6) nililimitahan ang pangangasiwa ng sibilyan; at (7) pagpapahintulot o pag-aatas ng arbitrasyon ng mga hindi pagkakaunawaan na may kaugnayan sa mga aksyong pandisiplina. Ang mga proteksyong ito ay mas higit pa sa mga proteksyong ibinibigay sa ibang empleyado ng pampublikong sektor o mga indibidwal na pinaghihinalaan ng isang krimen na nahaharap sa mga potensyal na pagkawala ng personal na kalayaan.

Tinatalakay din ng Ulat ang papel ng mga munisipalidad sa pagkatawan sa iba't ibang stakeholder, kabilang ang publiko, sa panahon ng collective bargaining, at ang mga benepisyo

ng pagsasama ng mga miyembro ng rank-and-file ng tagapagpatupad ng batas sa mga talakayan ng reporma sa pulisya.

Dahil sa talakayang ito, itinatampok ng Board ang ilang tanong na nangangailangan ng karagdagang pananaliksik, kabilang ang:

- Bagama't nilayon ng POBR na protektahan ang mga opisyal, nakakaapekto ba ito sa mga interes ng komunidad sa pamamagitan ng pagharang sa ilang aspeto ng pananagutan ng pulisya?
- Binabago ba ng ilang probisyon o kasunduan sa mga unyon o isang POBR ang pag-uugali ng opisyal o pinoprotektahan ito laban sa pananagutan?
- Nakakaapekto ba ang istruktura ng unyon sa mga kasanayang nauugnay sa paggamit ng dahas o kritikal na insidente?

Nananawagan ang Board sa mga mananaliksik na suriin ang data na antas ng ahensya (kabilang ang data na iniulat sa pamamagitan ng RIPA) at ang istruktura ng mga unyon ng pulisya, POBR, at mga tanong ng collective bargaining upang pag-aralan ang mga nito epekto sa pag-uugali ng pulisya, partikular na patungkol sa bias. Hinihikayat ng Board ang pagsusuri sa mga tanong na ito at sa data upang makapagbigay ng higit pang ebidensya tungkol sa epekto ng mga unyon sa pananagutan sa tagapagpatupad ng batas.

Panghuli, sinusuri ng Ulat ang umiiral na legal na pamantayan para sa kwalipikadong immunity (maaaring banggitin ng mga opisyal ng depensa sa korte), kung paano binigyang-kahulugan at inilapat ng mga korte ang pamantayan, at kung paano makakaapekto ang doktrinang ito sa kakayahang panagutin ang mga opisyal para sa maling pag-uugali.


## **MGA REKLAMO NG SIBILYAN**

Sinusuri ng Ulat ang data ng reklamo ng sibilyan na iniulat ng 518 ahensyang nagpapatupad ng batas noong 2022. Ipinapahiwatig ng data noong 2022 na:

- Sa kabuuan, 10,156 na reklamo ang naiulat ng mga ahensya ng RIPA noong 2022. Karamihan sa mga reklamo ay may alegasyon ng hindi kriminal na pag-uugali (94.7%), habang 4.1 porsiyento ng alegasyon sa pag-uugali ang bumubuo sa isang misdemeanor na paglabag, at 1.3 porsiyento ng alegasyon sa pag-uugali ang bumubuo sa isang felony.
- Humigit-kumulang 75% ng mga ahensya ng RIPA (74.5%) ang nag-ulat na nakatanggap ito ng isa o higit pang mga reklamo ng sibilyan, habang nag-ulat ang natitirang 25% ng mga ahensya (25.5%) na hindi ito nakatanggap ng mga reklamo ng sibilyan noong 2022.
- Sa mga ahensyang nag-ulat na tumatanggap ng mga reklamo ng sibilyan noong 2022, 42.7 porsiyento ang nag-ulat ng isa o higit pang reklamo na nagsasaad ng panghuhusga batay sa lahi o pagkakakilanlan. Sa kabuuan, 1,233 reklamo ang iniulat noong 2022 na may alegasyon na elemento ng panghuhusga batay sa lahi o pagkakakilanlan, na


bumubuo ng 12.1 porsiyento ng kabuuang 10,156 na reklamong iniulat noong 2022. Maaaring magkaroon ng maraming alegasyon ang bawat reklamo. May kabuuang 1,395 na alegasyon ng panghuhusga batay sa lahi at pagkakakilanlan ang ginawa noong 2022.

### Kabuuang Alegasyon sa Panghuhusga Batay sa Lahi at Pagkakakilanlan na Iniulat sa 2022




### Distribusyon ng Disposisyon ng mga Reklamo noong 2022

Kabuuang Reklamo na Humantong sa Disposisyon noong 2022



Kabuuang Reklamo sa Lahi at Pagkakakilanlan na Humantong sa Disposisyon noong 2022



Sinusuri din ng Ulat ang mga isyu na nakakaapekto sa pagiging epektibo ng proseso ng reklamo ng sibilyan, kabilang ang pangangailangang pantay-pantay na tukuyin ang “reklamo ng sibilyan” sa lahat ng ahensyang nagpapatupad ng batas, suriin ang footage ng video sa panahon ng mga

pagsisiyasat ng reklamo, at isama sa proseso ang pagsusuri sa ugat ng reklamo. Ginagawa ng Board ang mga sumusunod na rekomendasyon:

- Dapat amyendahan ng Lehislatura ang Penal Code section 832.5 upang isama ang isang standardized na kahulugan ng “reklamo ng sibilyan.”
- Dapat suriin ng mga ahensyang nagpapatupad ng batas ang lahat ng available na video footage (mula sa mga source gaya ng mga body-worn camera, dashboard camera, CCTV camera, police drone, at cellphone) sa mga pagsisiyasat ng reklamo, upang matiyak na masinsinan at walang kinikilingan ang mga pagsisiyasat.
- Dapat isama ng mga ahensyang nagpapatupad ng batas sa proseso ng reklamo ang mga prinsipyo ng pagsusuri sa ugat ng reklamo. Upang matiyak na makabuluhan ang mga pagsisiyasat sa reklamo bilang mga pagkakataon na matuto ang buong ahensya, dapat magtatag ang mga ahensya ng proseso ng pagsusuri na walang sinisisi na sinusuri ang lahat ng pinagbabatayan na salik na nag-ambag sa isang insidente at gagawa ng aksyon upang maiwasan ang mga hindi kanais-nais na resulta sa hinaharap.

## **POST TRAINING AT PAGREKRUT**

Ngayong taon, nakipagpulong ang RIPA POST Subcommittee kay POST Executive Director Manny Alvarez at iba pang kawani ng POST upang talakayin ang mga tugon ng POST sa mga rekomendasyon ng Board. Sa unang pagkakataon, at kasunod ng rekomendasyon ng Board sa mga nakaraang ulat, nagbigay ang POST ng mga nakasulat na tugon sa mga rekomendasyon ng Board nang direkta sa POST Commission sa isang ulat na iniharap sa kanilang pagpupulong noong Setyembre 21, 2023. Sinuportahan ng POST ang ilang rekomendasyon at tumugon na sapat na ang saklaw ng ibang rekomendasyon, kulang ang POST ng mga mapagkukunan upang ipatupad ang mga ito, o ang mga rekomendasyon ay nasa labas ng saklaw ng gawain ng Komisyon. Sa bahagi, nakatuon ang POST sa:

- Pagpapatupad ng rekomendasyon ng Board upang bumuo at ipatupad ang magkakahiwalay na mga alituntunin para sa mga kursong nauugnay sa panghuhusga batay sa lahi at pagkakakilanlan, bukod sa publikasyon sa kurikulum ng kurso.
- Paghingi ng pakikilahok ng Board sa buong proseso ng pagbuo ng hiwalay na mga alituntunin. Itinatampok ng Ulat ang mga iminungkahing paksa para sa mga alituntunin.

Bilang karagdagan sa talakayan sa mga pakikipag-ugnayan ng Board sa POST, itinatampok ng Ulat sa taong ito ang mga update at feedback ng Board batay sa pagsusuri nito sa mga kursong POST na may kaugnayan sa panghuhusga batay sa lahi at pagkakakilanlan sa 2022 at 2023, kabilang ang Museum of Tolerance Racial and Identity Train, the Trainer Curriculum Update at ang balangkas ng Public Safety Dispatchers’ Basic Course.

Sa nakalipas na pitong taon, nagsagawa ang Board ng RIPA ng malawak na pagsusuri ng mga materyal sa pagsasanay at kurikulum na ibinigay ng POST. Ipinapakita ng data ng RIPA na sa lahat ng taon ng pangongolekta ng data ng RIPA (2018-2022), nagpapatuloy hindi patas na pakikitungo sa mga pinaniniwalaang Itim, Hispanic/Latine(x), at transgender. Dapat idikta ng impormasyong ito ng pagsasanay na kinakailangan upang bawasan at alisin ang panghuhusga batay sa lahi at pagkakakilanlan habang pinapabuti din ang kaligtasan ng opisyal sa estado ng California. Habang isinasaisip ang background na ito, ginagawa ng Ulat ng Board ang mga sumusunod na rekomendasyon sa POST para sa mga protokol at pamamaraan at sa iba pang lugar para sa pagbuo at pag-update ng kurso:

- Magsama ng isang timeline ng pagsusuri ng Board at ng komunidad para sa pagbuo at pag-update ng kursong POST.
- Humingi ng input ng komunidad at stakeholder nang mas maaga bago ang proseso ng pagbuo ng kurso at isama ang kanilang feedback bago tapusin ang pagsasanay.
- Bumuo ng mga mekanismo upang suriin ang pagiging epektibo ng lahat ng kursong POST sa panghuhusga batay sa lahi at pagkakakilanlan.
- Bigyang-diin ang pananagutan para sa mga gawaing may diskriminasyon ng mga opisyal ng kapayapaan at ang responsibilidad ng mga supervisor.

## **MGA REGULASYON NG RIPA**

Ibinubuod ng Ulat ang mga pagbabago sa mga regulasyon ng RIPA. Ang pangunahing pag-amyenda ay nagdaragdag ng bagong kinakailangan sa pag-uulat ng RIPA na nag-aatas sa mga opisyal na nagpapatupad ng batas na iulat ang dahilan ng pagpapahinto na ipinaalam sa pinahintong tao. Binago din ang mga regulasyon upang linawin ang iba't ibang kategorya ng mga paglabag sa trapiko na dapat iulat (paggalaw, hindi paggalaw, at mga paglabag sa kagamitan) at ang saklaw ng obligasyon ng California Department of Justice na ibunyag sa publiko ang data ng pagpapahinto.

## **MAHAHALAGANG BATAS NA ISINABATAS NOONG 2022**

Kasama sa Ulat ang isang seksyon sa kamakailang ipinatupad na batas na may kaugnayan sa RIPA. Ang Assembly Bill No. 443 (2023-2024 Reg. Sess.) ay nag-aatas sa POST na tukuyin at bumuo ng patnubay tungkol sa “may bias na pag-uugali.” Ang Assembly Bill No. 645 (2023-2024 Reg. Sess.) ay nagtatatag ng isang pilot program para sa speed safety upang sukatin ang epekto ng automated speed enforcement technology sa isang piling bilang ng mga lungsod at county.